

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Olt*

## Basahin at Unawain

# Dentista

Ang dentista ay nag-aalaga ng ngipin. Sinusuri niya ang ngipin ng mga tao. Tinutulungan niyang maiwasan ang sakit ng ngipin. Nagbibigay siya ng payo sa tamang pagsisipilyo. Dahil sa kanya, nagiging malinis ang ngipin.



## Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ng dentista?

---

2. Ano ang sinusuri niya?

---

3. Ano ang naiwasan dahil sa dentista?

---

4. Anong payo ang ibinibigay niya?

---

5. Ano ang nagiging resulta sa ngipin?

---

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Oti*

## Basahin at Unawain

# Panadero

Ang panadero ay gumagawa ng tinapay. Maaga siyang gumigising upang gumawa nito. Gumagamit siya ng harina at tubig. Mabango ang tinapay na kanyang niluluto. Maraming tao ang bumibili ng kanyang paninda.



## Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ng panadero?

---

2. Anong oras siya karaniwang gumigising?

---

3. Ano ang mga sangkap ng tinapay?

---

4. Ano ang amoy ng bagong lutong tinapay?

---

5. Bakit kaya marami ang bumibili ng tinapay?

---

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Oti*

## Basahin at Unawain

# Sundalo

Ang mga sundalo ay nagsisilbi sa ating bansa. Sila ay matapang. Tinutulungan nilang panatilihin ang kapayapaan. Handa silang tumulong sa oras ng panganib. Dahil sa kanila, ligtas ang maraming tao.



## Mga Tanong:

1. Sino ang nagsisilbi sa ating bansa?

---

2. Ano ang kanilang katangian?

---

3. Ano ang kanilang tungkulin sa bansa?

---

4. Kailan sila tumutulong?

---

5. Ano ang dulot nila sa mga tao?

---

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Olt*

**Basahin at Unawain**

## Beterinaryo

Ang beterinaryo ay doktor ng mga hayop. Tinutulungan niya ang mga may sakit na hayop. Sinusuri niya ang kanilang kalusugan. Binibigyan niya sila ng gamot kung kinakailangan. Dahil sa kanya, gumagaling ang mga hayop.



### Mga Tanong:

1. Ano ang trabaho ng beterinaryo?

---

2. Sino ang tinutulungan niya?

---

3. Ano ang sinusuri niya?

---

4. Ano ang ibinibigay niya sa hayop?

---

5. Mahalaga ba siya sa mga hayop? Bakit?

---